# H E K A S I 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# POOK TIRAHAN NG ATING MGA NINUNO


**Department of Education**

**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**

**2nd Floor Bonifacio Building**

**DepEd Complex, Meralco Avenue**

**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

# GRADE V

# POOK TIRAHAN NG ATING MGA NINUNO

## ALAMIN MO






Pagmasdan mo ang mga larawan.
Ano ang masasabi mo tungkol dito?

Sa modyul na ito matututuhan mo ang mga naging panahanan ng ating mga ninuno.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Sagutin ang mga tanong:

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ilang pamilya ang karaniwang naninirahan sa isang panahanan?
    a. 30 – 50 pamilya
    b. 100 – 300 pamilya
    c. 30 – 300 pamilya
    d. 50 – 300 pamilya

2. Aling panahanan ang naibigan ng mg ninuno?
    a. Tabing ilog, dagat at look
    b. kapatagan
    c. kagubatan
    d. kuweba

## PAG-ARALAN MO

Alam mo ba na may limampu hanggang tatlong daang pamilya ang bawat panahanan ng mga unang Pilipino.

Sa simula sa kuweba sila nanirahan ang mga unang Pilipino. Ang kuweba ay karaniwang makikita sa bunganga ng bundok. Mataas at maliwanag ang loob nito. Nang tumagal, lumisan sila at nagpalipat-lipat ng pook tirahan upang humanap ng mga pagkain. Nomad ang tawag sa mga ninuno dahil wala silang permihang tirahan.

Nakarating sa tabing-ilog, dagat at look ang karamihan saating ninuno. Nakita nila na sagana sa yamang dagat ang lugar na ito. Dito na sila nanirahan, nakipagkalakalan, naghanapbuhay at nakipag-ugnayan sa ibang pangkat.

Ang iba naman ay nakarating sa mga kagubatan. Sila ay nagkakaingin. Palipat-lipat sila ng panahanang pook matapos nilang gamitin ang isang kaingin at hahanap ng ibang magagawang kaingin. Hindi tumatagal sa pook kagubatan an gating mga ninuno. Kapag naramdaman nilang may ispiritu sa kapaligiran, umaalis sila. Ano kayang ispritu ang mga iyon sa palagay mo? Mabutign ispiritu o masamang ispiritu?

Sa kapatagan, layu-layo ang pook tirahan ng ilang ninuno na napadpad dito. May mga lupain silang na kanilang sinasaka at tinatamnan

## PAGSANAYAN MO

Sagutin mo ang mga sumusunod:

1. Anu-ano ang mga pook panahanan ng mga ninuno?
2. Saan unang nanirahan ang mga unang Pilipino?
3. Bakit nagpalipat-lipat ng tirahan ang mga unang Pilipino?
4. Bakit maraming ninuno ang nanirahan sas tabing-ilog, dagat at look?
5. Sa kasalukuyang panahon, aling panahanan ang gusto mong tirahan? Bakit?

## TANDAAN MO

- May iba't-ibang uri ng panahanan ang mga unang Pilipino.
- *Nomad* ang tawag sa mga taong palipat-lipat ng tirahan.

## GAWIN MO

1. Pumili ka ng isang uri ng panahanan, Iguhit mo ito.



## PAGTATAYA

Isulat mo ang iyong sagot sa kuwaderno.

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang unang panahanan ng mga ninuno ay makikita sa.
    a. kabundukan
    b. kapatagan
    c. kuweba
    d. tabing dagat

2. Ang panahanang naibigan ng higit ng mga ninuno.
    a. kapatagan
    b. kagubatan
    c. kuweba
    d. tabing dagat

3. Bakit higit na nakararami sa ating ninuno ang tumira sa tabing-ilog, dagat at look?
    a. nakapag-uunagnayan sila sa ibang pangkat.
    b. Madaling maglakbay sa iba't-ibang lugar
    c. Makapagkukunan ng pagkain at hanapbuhay
    d. Makapagpapalitan ng kalakal

4. Bakit hindi nagtatagal ang mga ninuno sa ibang panahanan?
    a. Naniniwala sila mga ispiritu.
    b. Nais nilang marating ang ibang panahanan.
    c. Natatakot sila sa mababangis na hayop.
    d. Nakapagtatanim sila iba't-ibang lugar.

5. May pook panahanan ang di gaanong tumira ang mga ninuno dahilan sa _________
    a. Mahirap makipag-ugnayan sa mga ibang pangkat.
    b. Nagkakaroon ng pag-uugnayan ang bawat pamilya.
    c. Naniniwala sila sa mga mabubuting ispiritu na nasa paligid ng kanilang panahanan
    d. Natatakot sila sa mga masasamang ispiritu na nasa paligid ng kanilang pook tirahan.



## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

**Pagsasaliksik sa mga Pook Tirahan ng mga Ninuno**

Sa kasalukuyan, may mga natatagpuang mga pook tirahan sa ating bansa. Ang ilan ay maayos pa habang ang ilan ay nasisira na.Magsagawa ng pagsasaliksik sa mga tirahang ito. Ilarawan ang mga pook tirahan at saang panig ng bansa matatagpuan. Iulat ang mga natuklasan.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.